

Antas ng Kapaligirang Pansilid- aralan sa *Well-being* ng mga Mag- aaral ng Medyor sa Filipino: Isang *Sequential Explanatory* na Pag- aaral

Classroom Environment on Students' Well-being: A Sequential Explanatory Study

Jeanette Joy D. Toniacao¹, Erika Mae P. Asoy, MAEd²

¹Student-researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Davao del Norte, Philippines

²Instructor I, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Davao del Norte, Philippines

Corresponding Author's Email: jjtoniacao@gmail.com



ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng kapaligirang pansilid-aralan at *well-being* ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino, at tuklasin ang ugnayan sa pagitan ng mga barbayol. Gamit ang *mixed methods* na pamamaraan, nakuha ang mga datos sa pamamagitan ng sarbey, *in-depth* na panayam at pangkatang talakayan. Natuklasang napakataas ng antas ng kapaligirang pansilid-aralan at mataas naman ang antas ng *well-being*, ngunit walang makabuluhang sa pagitan ng kapaligirang pansilid-aralan at *well-being* ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasang ito ay nakumpirma sa pamamagitan ng *focus group discussion* at *in-depth interview* na sinang-ayunan ng mga tagatugon. Nangangahulugan itong ang katangian ng integrasyon ng kwantitatibo at kwatitatibong datos ay *connecting-confirmation*. Inirerekomenda ang patuloy na pag-aaral sa iba pang salik na maaaring makaapekto sa *well-being* at ang mas malawak na pagsasaalang-alang sa mga karanasan ng mag-aaral sa mga institusyon. Inirerekomenda na isaalang-alang ang mga karanasan ng mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan bilang mga salik na nakaapekto sa kanilang *well-being*.

Mga Susing Salita: *kapaligirang pansilid-aralan, well-being, mga mag-aaral ng medyor sa Filipino, edukasyon, Pilipinas*

ABSTRACT

This study aimed to examine the level of classroom environment and well-being among Filipino major students, and to explore the relationship between the variables. Using a mixed methods approach, data were collected through surveys, in-depth interviews, and

focus group discussions. The findings revealed that the level of classroom environment was very high, while the level of well-being was high. However, no significant relationship was found between the classroom environment and the students' well-being. These results were confirmed through qualitative data gathered from focus group discussions and in-depth interviews, which were affirmed by the participants. This indicates that the nature of integration between quantitative and qualitative data is connecting-confirmation. The study recommends continued exploration of other factors that may influence student well-being, and broader consideration of students' experiences within institutions. It is further recommended that both in-class and out-of-class experiences of students be taken into account as influential factors in their overall well-being.

Keywords: *classroom environment, well-being, Filipino major students, education, Philippines*

Recommended Citation

Toniacao, J. J. & Asoy, E.M. (2026). Antas ng Kapaligirang Pansilid-aralan sa Well-being ng mga Mag-aaral ng Medyor sa Filipino: Isang Sequential Explanatory na Pag-aaral. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation*. 4(2), 442-458.

INTRODUKSYON

Ang pagtamo ng *well-being* ay isang pangunahing karapatan ng mga mag-aaral sa buong proseso ng pag-aaral. Ang *well-being* ay tumutukoy sa kaayusan ng pangkalahatang kalusugan ng isang indibidwal sa iba't ibang aspekto. Dagdag pa rito, ito ay tumutukoy sa pangkalahatang karanasan at kalidad o kakayahan ng isang tao sa personal at sosyal na antas, maging ang paraan ng pagtataya sa pangkalahatang aspekto. Natuklasan sa mga kasalukuyang pananaliksik na ang *well-being* ng mga mag-aaral ay hindi natututukan at nagbubunga ng negatibong resulta sa proseso ng pagkatuto. Maraming mga pananaliksik ang nagpatunay na ang kapaligirang pansilid-aralan ay isa sa mga salik na nakadudulot ng *stress* sa isang mag-aaral. Maging ang emosyonal na aspekto ng isang mag-aaral ay naaapektuhan ng kaniyang kapaligiran sa silid-aralan. Ang kakulangan sa pagtamo ng maayos na kapaligirang pansilid-aralan ay nakareresulta sa mataas na *stress level* na nakaaapekto sa *well-being* ng mga mag-aaral (Ramberg et al., 2019; Jarden at Roache, 2023).

Bagamat may mga umiiral na pag-aaral ukol sa silid-aralan at *well-being*, ang mga ito ay limitado lamang sa partikular na aspekto at hindi sumasaklaw sa kabuoang ugnayan ng mga nabanggit na konsepto. Dahil dito, labis ang pangangailangang siyasatin ang ugnayan ng kapaligirang pansilid-aralan at *well-being* ng mga mag-aaral. Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa *Ecological Systems Theory* ni Bronfenbrenner (1979) na nagbibigay-diin sa impluwensiya ng kapaligiran sa pag-unlad ng indibidwal, partikular sa antas ng microsystem kung saan kabilang ang silid-aralan; sa *Sociocultural Theory* ni Vygotsky (1962) na tumutukoy sa kahalagahan ng interaksyong panlipunan sa pagkatuto; at sa *Person-Environment Fit Theory* ni Lawton (1982) na nagpapaliwanag kung paanong ang pagtutugma ng kapaligiran at pangangailangan ng mag-aaral ay mahalaga sa pagtataguyod ng *well-being*. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, mahalagang suriin kung ang kalidad ng kapaligirang pansilid-aralan ay may tuwirang ugnayan sa kabuoang *well-being* ng mga mag-aaral tungo mas malalim na pag-unawa at batayan para sa mga interbensiyong pang-edukasyon.



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Paglalahad ng Suliranin

1. Ano ang antas ng kapaligirang pansilid-aralan ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology?
2. Ano ang antas ng *well-being* ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology?
3. Sa anong antas nakaapekto ang kapaligirang pansilid-aralan sa pagtamo ng *well-being* ng mga mag-aaral?
4. Ano ang pananaw ng mga tagatugon sa mga pangunahin at pinakamahalagang punto mula sa resulta ng kwantitatibong datos?
5. Sa anong paraan nagagamit ang kwalitatibong datos sa pagpapaliwanag sa kwantitatibong resulta ng pananaliksik?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng *mixed methods* na dulog na may disenyong *sequential explanatory* na kung saan ay ginagamit ang kwalitatibong datos upang suportahan o patunayan ang resulta ng kwantitatibong datos. Ayon kina Creswell et al. (2006), ito ay nagbibigay-daan sa komprehensibong resulta na nag-aalok ng mas malalim na pag-unawa sa mga komplikadong isyu. Sa pamamagitan ng pagsasama ng numerikal na datos at detalyadong mga kontekstwal na pananaw, pinalalakas ng dulog na ito ang lalim at lawak ng mga kongklusyon.

Ang disenyong ginamit sa pananaliksik ay *sequential explanatory*. Sa disenyong ito, una munang kinakalap ang kwantitatibong datos, kalakip ang resulta nito. Sunod namang kukunin ang kwalitatibong datos sa pamamagitan ng isahan o pangkatang pakikipanayam. Ang kwalitatibong datos ay magsisilbing patunay lamang ng resulta ng kwantitatibong datos. Sa madaling salita, ito ay nagbibigay-diin sa kwantitatiboong bahagi, na susundan naman ng kwalitatibong bahagi. Ito ay ginamitan ng terminong '*explanatory*' sa kadahilanang ang kwalitatibong datos ay nagpapaliwanag sa kwantitatibong resulta. Ginagamit ang disenyong ito kapag ang mananaliksik ay nais na magbigay-diin sa kwantitatibong bahagi ng pananaliksik (Creswell, 2012).

Mga Kalahok ng Pananaliksik

Sa kwantitatibong bahagi, 156 mag-aaral na kumukuha ng kursong medyor sa Filipino sa Kapalong College ang lumahok sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagsagot sa talatanungan na tumutukoy sa mga dimensyon ng kapaligirang pansilid-aralan at *well-being*. Ginamit ang *stratified random sampling*, kung saan ang kabuuang populasyon ay hinati batay sa taon ng pag-aaral, mula unang taon hanggang ikaapat na taon, upang matiyak ang representasyon ng bawat subgroup. Mula sa bawat *stratum*, ang mga kalahok ay napili nang *random*. Ang koleksyon ng kwantitatibong datos ay isinagawa nang harapan sa loob ng tatlong linggo.

Samantala, sa kwalitatibong bahagi, sampung kalahok ang napiling lumahok gamit ang *purposive sampling*—limang para sa *in-depth interview* at limang para sa *focus group discussion*. Pinili ang mga kalahok batay sa kanilang aktibong karanasan, pananaw at kakayahang makapagbigay ng makabuluhang datos. Bagaman maaaring umabot sa higit 50 ang kalahok sa kwalitatibong pananaliksik, itinuring ng pag-aaral na sapat ang bilang na 10, alinsunod sa rekomendasyon ni Creswell (2008), na maaaring makamit ang sapat na lalim ng datos kahit sa maliit na bilang. Ang pangangalap



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

ng datos para sa parehong kwantitatibo at kwalitatibong bahagi ay isinagawa nang harapan sa loob ng isang buwan, alinsunod sa itinakdang iskedyul ng mga kalahok.

Instrumento sa Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng hinalaw na mga talatanungan mula sa naunang mga pananaliksik. Ang instrumentong ginamit sa pagtukoy sa kapaligirang pansilid-aralan ay mula sa pag-aaral nina Fraser et al. (1996), na *What is Happening Inside the Classroom (WIHIC) Questionnaire*. Saklaw ng nasabing instrumento ang pitong pangunahing indikektor: pakikisalamuha, suporta ng guro, imbestigasyon, pakikibahagi, oryentasyon sa gawain, pakikipagtulungan, at pagkakapantay-pantay. Samantala, ang pangalawang hanay ng talatanungan ay hinango mula sa *Students' Well-being Questionnaire (SWBQ)* nina Shiva et al. (2024), na sumusukat sa *well-being* ng mga mag-aaral sa limang aspekto: pang-akademiko, pinansiyal, pisikal, sikolohikal, at relasyonal. Batay sa orihinal na pag-aaral, ang SWBQ ay may *Cronbach alpha value* na 0.86, na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng *internal consistency*.

Upang matiyak ang pagiging angkop at balido ng mga instrumento sa kontekstong Filipino, ang mga talatanungan ay sumailalim sa masusing proseso ng pagsasalin at kontekstwalisasyon. Ang mga inisyal na bersyon ay muling sinuri ng isang panel ng mga eksperto sa larangan ng edukasyon, wika at pananaliksik upang tiyakin ang lingguwistik, kultural at kontekstuwal na kaangkupan ng bawat aytem. Ang mga mungkahi at rebisyon mula sa panel ay isinaalang-alang sa pagbuo ng pinal na bersyon ng mga talatanungan.

Sa kwalitatibong bahagi naman, naghanda ang mananaliksik ng tatlong hanay ng mga katanungan batay sa resulta ng datos mula sa kwantitatibong bahagi ng pananaliksik. Ang mga katanungang ito ay sinuri ng panel ng mga tagasuri upang tiyakin ang kaugnayan at kabuluhan sa pag-aaral. Ang mga tanong ay ginamit bilang gabay sa pagsasagawa ng *in-depth interview* at *focus group discussion* sa sampung kalahok na piling napili mula sa mga sumagot sa sarbey. Ang pamamaraang ito ay nagbigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa mga karanasan, pananaw, at opinyong hindi ganap na nailahad sa pamamagitan ng sarbey.

Pagsusuri ng mga Datos

Ang mga sumusunod na *statistical tools* ay gagamitin sa pagsusuri at interpretasyon ng mga datos: ang *mean*, na gagamitin upang tukuyin ang kalagayan ng kapaligirang pansilid-aralan at antas ng *well-being* ng mga mag-aaral, at ang *correlation*, na gagamitin upang tukuyin ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Ang mga istatistikal na pamamaraang ito ay isinagawa upang matukoy ang kalagayan ng kapaligirang pansilid-aralan at antas ng *well-being* ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino.

Sa pagsusuri ng kwalitatibong datos, gumamit ang mananaliksik ng *coding* at *thematic analysis*. Ang pamamaraang ito ay naglalayong suriin ang mga temang lumitaw o nakadiin mula sa mga pahayag ng mga kalahok sa panayam. Ang mga tema ay binuo upang pag-aralan ang mga karanasan ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino sa kanilang kapaligirang pandalid-aralan at antas ng *well-being*. Ang mga datos ay masusing sinuri upang tukuyin at kunin ang mga kaugnay na tema. Ang mga datos ay ibinahagi sa pamamagitan ng mga pigura, talahanayan, o naratibo.



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

RESULTA AT DISKUSYON

Antas ng Kapaligirang Pansilid-aralan

Makikita sa Talahanayan 1 ang antas ng kapaligirang pansilid-aralan ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Ito ay kinabibilangan ng mga aspektong pakisalamuha, suporta ng guro, imbestigasyon, pakikibahagi, oryentasyon sa gawain, pagtutulungan at pagkapantay-pantay. Ang resultang ito ay ayon sa sarbey na isinagawa sa kwantitatibong bahagi ng pananaliksik.

Talahanayan 1. Antas ng Kapaligirang Pansilid-aralan

| Mga Indikektor | Mean | Deskripsyon |
|--|-------------|-------------------|
| Pakikisalamuha | | |
| 1. Kaibigan ng ibang mga mag-aaral sa klase sa asignaturang Filipino. | 4.45 | Napakataas |
| 2. Nakakikilala ng mga kamag-aral sa asignaturang Filipino. | 4.45 | Napakataas |
| 3. Palakaibigan sa iba pang mga mag-aaral sa klase sa asignaturang Filipino. | 4.31 | Napakataas |
| 4. Nakapagsasagawa ng aking mga gawain nang maayos kasama ang aking mga kapwa mag-aaral. | 4.34 | Napakataas |
| 5. Tumutulong sa aking mga kamag-aral kapag nahihirapan sa mga gawain. | 4.30 | Napakataas |
| KABUOAN | 4.37 | Napakataas |
| Suporta ng Guro | | |
| 1. Ako ay kinakausap ng guro ng asignaturang Filipino sa klase. | 3.99 | Mataas |
| 2. Alam ng guro ang aking nararamdaman sa klase sa asignaturang Filipino. | 3.70 | Mataas |
| 3. Ako ay natutulungan ng guro tuwing nahihirapan sa mga gawain. | 4.05 | Mataas |
| 4. Alam ng guro ang aking mga problema sa klase sa asignaturang Filipino. | 3.57 | Mataas |
| 5. Sa pamamagitan ng malinaw na patalakay ng guro, nauunawaan ko ang paksa sa talakayan. | 4.51 | Napakataas |
| KABUOAN | 3.96 | Mataas |
| Imbestigasyon | | |
| 1. Nahihikayat at may kalayaang magsagawa ng imbestigasyon at pananaliksik sa mga gawaing pang-akademiko. | 4.13 | Mataas |
| 2. Nakapagsasagawa ng imbestigasyon upang subukin o patunayan ang aking mga ideya sa klase sa asignaturang Filipino. | 4.16 | Mataas |
| 3. Nakapagsasagawa ng pananaliksik upang masagutan ang mga katanungan mula sa talakayan. | 4.19 | Mataas |



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

- | | | |
|--|------|------------|
| 4. Nakakukuha ng kasagutan sa mga katanungan sa pamamagitan ng imbestigasyon. | 4.24 | Napakataas |
| 5. Nakapagbibigay-solusyon sa mga suliranin sa pamamagitan ng imbestigasyon at pananaliksik. | 4.20 | Napakataas |

| | | |
|----------------|-------------|---------------|
| KABUOAN | 4.19 | Mataas |
|----------------|-------------|---------------|

Pakikibahagi

- | | | |
|--|------|------------|
| 1. Aktibong nakilalahok sa talakayan at mga gawain sa klase sa asignaturang Filipino. | 4.14 | Mataas |
| 2. Nakapagbabahagi ng aking ideya sa klase sa asignaturang Filipino. | 4.09 | Mataas |
| 3. May kalayaang magtanong sa guro hinggil sa talakayan. | 4.35 | Napakataas |
| 4. Kinakausap ng mga kapwa mag-aaral hinggil sa paglutas ng mga problema sa klaseng ito. | 4.28 | Napakataas |
| 5. Nakapagbibigay ng opinyon sa klase hinggil sa talakayan. | 4.19 | Mataas |

| | | |
|----------------|-------------|-------------------|
| KABUOAN | 4.21 | Napakataas |
|----------------|-------------|-------------------|

Oryentasyon sa Gawain

- | | | |
|--|------|------------|
| 1. Nagbibigay-kahalagahan sa bilang ng mga gawaing dapat matapos. | 4.29 | Napakataas |
| 2. May ideya sa mga dapat matutunan sa klase sa asignaturang Filipino. | 4.26 | Napakataas |
| 3. May ideya sa mga bagay na nais kong gawin sa klase. | 4.23 | Napakataas |
| 4. Nagbibigay ng atensyon sa klase sa asignaturang Filipino. | 4.36 | Napakataas |
| 5. May ideya sa mga gawaing dapat na matapos sa klase. | 4.23 | Napakataas |

| | | |
|----------------|-------------|-------------------|
| KABUOAN | 4.27 | Napakataas |
|----------------|-------------|-------------------|

Pakikipagtulungan

- | | | |
|---|------|------------|
| 1. Nakikisama sa mga kapwa mag-aaral sa pagsasagawa ng mga gawain. | 4.41 | Napakataas |
| 2. Nakakikita ng pagtutulungan sa klase kapag nagsasagawa ng mga pangkatang gawain. | 4.45 | Napakataas |
| 3. Nakakukuha ng kaalaman mula sa mga kaklase. | 4.46 | Napakataas |
| 4. Nakapagsasagawa ng mga takdang-aralin kasama ang mga kaklase. | 4.29 | Napakataas |
| 5. nakikipagtulungan sa mga kaklase upang maabot ang mga layunin sa silid-aralan. | 4.44 | Napakataas |

| | | |
|----------------|-------------|-------------------|
| KABUOAN | 4.41 | Napakataas |
|----------------|-------------|-------------------|

Pagkapantay-pantay



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|--|-------------|-------------------|
| 1. Nabibigyang-kasagutan sa aking mga katanungan gaya ng sa ibang mga kaklase. | 4.24 | Napakataas |
| 2. Nabibigyan ng tulong mula sa guro gaya ng ibang kong mga kaklase. | 4.26 | Napakataas |
| 3. Nakakukuha ng antas ng pagganyak mula sa guro kagaya ng aking mga kaklase. | 4.26 | Napakataas |
| 4. May kalayaang magbahagi ng ideya sa talakayan kagaya ng iba kong mga kaklase. | 4.27 | Napakataas |
| 5. Nakakukuha ng papuri mula sa guro kagaya ng aking mga kaklase. | 4.18 | Mataas |
| KABUOAN | 4.24 | Napakataas |
| PANGKALAHATANG MEAN | 4.24 | Napakataas |

Sa kabuoan, mayroon itong pangkalahatang *mean* na 4.24, na mayroong deskripsyong napakataas. Nangangahulugan itong ang positibong kapaligirang pansild-aralan ay palaging nakikita at naipapanatili ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino. Ang resultang ito ay ayon sa sarbey na isinagawa sa kwantitatibong bahagi ng pananaliksik.

Kaugnay nito, nagbibigay-patunay ang mga pag-aaral nina Majumber at Beri (2024), Brink et al. (2021), at Bustamante-Mora et al. (2025) na ang matagumpay at positibong kapaligirang pansilid-aralan—na kinabibilangan ng mahusay na interaksyon at suporta sa pagitan ng mga mag-aaral at guro, ay may malaking kontribusyon sa akademikong pagganap, emosyonal na kasiyahan, at motibasyon ng lahat ng kalahok, nagiging mas epektibo ang pagtuturo, aktibo ang partisipasyon ng mag-aaral, at lumalago ang pagpapahalaga sa sarili at edukasyon.

Antas ng *Well-being* ng mga Mag-aaral

Makikita sa Talahanayan 2 ang antas ng kapaligirang *well-being* ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Ito ay kinabibilangan ng mga aspektong pang-akademiko, pinansyal, pisikal, sikolohikal at relasyonal.

Talahanayan 2. Antas ng *Well-being*

| Mga Indikeyor | Mean | Deskripsyon |
|---|-------------|--------------------|
| Pang-akademiko | | |
| 1. Kontento at nasisiyahan sa kalidad ng mga tagapagturo ng aking institusyon. | 4.39 | Napakataas |
| 2. Kontento at nasisiyahan sa mga istruktural na mapagkukunan (silid- aklatan, pasilidad-panlibangan atbp.) ng aking institusyon. | 4.34 | Napakataas |
| 3. Kontento at nasisiyahan sa mga nilalaman ng kursong iniaalok ng institusyon para sa aking programa. | 4.32 | Napakataas |
| 4. Nakasisigurong ang mga karanasan sa institusyon ang makapagpalalago ng aking mga kakayahan at kaalaman. | 4.44 | Napakataas |
| 5. May kalayaang makilahok sa mga aktibidad ng paaralang nagpa-uunlad ng aspektong pang-akademiko. | 4.38 | Napakataas |



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| KABUOAN | 4.38 | Napakataas |
|--|-------------|-------------------|
| Pinansyal | | |
| 1. Naniniwalang ang mga bayarin sa kursong ito ay madaling mapangasiwaan. | 3.87 | Mataas |
| 2. Naniniwalang ang <i>miscellaneous fee</i> ng institusyon ay abot-kaya. | 4.28 | Napakataas |
| 3. May sapat na perang natitira pagkatapos gumastos para sa aking mga pangangailangan. | 3.81 | Mataas |
| 4. Mayroong malinaw na pag-unawa hinggil sa mga gastusin sa pag-aaral. | 4.35 | Napakataas |
| 5. Naniniwalang ang pera ay hindi hadlang sa aking pag- aaral. | 4.17 | Mataas |
| KABUOAN | 4.09 | Mataas |
| Pisikal | | |
| 1. Aktibong nakibabahagi sa mga gawaing pisikal sa aming institusyon. | 4.18 | Mataas |
| 2. Agad na pumupunta sa <i>school clinic</i> ng institusyon kapag masama ang pakiramdam. | 3.62 | Mataas |
| 3. Nagkakaroon ng positibong epekto sa pisikal na aspekto kapag nasa loob ng klase. | 4.06 | Mataas |
| 4. Naniniwalang ang antas ng gawaing pisikal sa silid-aralan ay nagsusulong ng pangkalahatang pag- unlad. | 4.22 | Napakataas |
| 5. Naniniwalang ang pisikal na aspekto ay pinahalagahan ng aking mga tagapagturo. | 4.32 | Napakataas |
| KABUOAN | 4.08 | Mataas |
| Sikolohikal | | |
| 1. Mabilis at mabisang nakapamamahala ng <i>stress</i> . | 3.95 | Mataas |
| 2. Mabisang nakaaangkop sa mga pagbabago sa kapaligiran. | 4.00 | Mataas |
| 3. Hindi negatibong naaapektuhan ng pagbabago sa paligid. | 3.86 | Mataas |
| 4. Mabisang nakapapamahala ng aspektong sosyal nang hindi naisasantabi ang mga pang-akademikong responsibilidad. | 4.11 | Mataas |
| 5. Hindi gaanong naaapektuhan ng <i>stress</i> pagdating sa mga gawaing pang-akademiko. | 3.73 | Mataas |
| KABUOAN | 3.93 | Mataas |
| Relasyonal | | |



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|-------------|---------------|
| 1. Hinahanap ng mga kamag-aral kapag lumiliban sa klase. | 3.99 | Mataas |
| 2. Komportableng makipag- usap sa aking mga tagapagturo hinggil sa aking mga problema. | 3.66 | Mataas |
| 3. Nilalapitan ng tagapagturo at mga kaklase para sa mga mahahalagang pang-akademikong responsibilidad. | 3.88 | Mataas |
| 4. Komportableng makisama at makisalamuha sa aking mga kaklase at tagapagturo. | 4.14 | Mataas |
| 5. Naniniwalang positibong nakaapekto ang aking kapaligiran sa silid-aralan sa aking pakikisama sa iba. | 4.41 | Napakataas |
| KABUOAN | 4.01 | Mataas |
| PANGKALAHATANG MEAN | 4.10 | Mataas |

Ang kabuoang mean na 4.10, na may deskripsyong *mataas*, ay nagpapahiwatig na ang positibong antas ng *well-being* ng mga mag-aaral ay hindi lamang malakas ngunit madalas na naipapanatili. Ipinapakita nito na ang kanilang satsipaksyon at pangkalahatang emosyonal na estado ay nananatiling matatag sa araw-araw na gawain sa loob ng silid-aralan – isang malinaw na indikasyon na ang kapaligirang pansilid-aralan ay epektibo sa pagsuporta sa kanilang kabuuang kalusugan at akademikong pag-unlad.

Ipinapakita ng pananaliksik nina Puiu et al. (2024), Marrone et al. (2024), at Potgeiter (2024) na ang mataas na antas ng *well-being* ng mga mag-aaral—kabilang ang pisikal, mental, emosyonal, at sosyal na aspekto, ay may mahalagang papel sa kanilang tagumpay sa akademikong larangan. Tinutukoy ng mga may-akda na ang suporta mula sa mga guro, pamilya, at kaibigan ay nagpapalakas sa kanilang akademikong pakikilahok, emosyonal na katatagan, at kahandaan sa pagkatuto. Dagdag pa rito, ang wastong nutrisyon, ehersisyo, sapat na tulog, at emosyonal na suporta ay may positibong epekto sa konsentrasyon, memorya, motibasyon, at pangkalahatang pagganap sa paaralan.

Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Kapaligirang Pansilid-aralan at *Well-being* ng mga Mag-aaral
Makikita sa Talahanayan 3 ang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol, na may kabuoang *r-value* na -.028. Mayroon itong *p-value* na .741, na mas mataas kaysa sa .05 na antas ng kahalagahang itinakda sa pag-aaral na ito. Kaya, tinatanggap ang *null hypothesis* ng pananaliksik na ito na nagsaad na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Ipinapakita nitong walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kapaligirang pansilid-aralan at *well-being* ng mga mag-aaral.

Talahanayan 3. Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Kapaligirang Pansilid-aralan at *Well-being*

| <i>Variables Correlated</i> | <i>Mean</i> | <i>r</i> | <i>p-value</i> | <i>Decision =0.05</i> |
|------------------------------|-------------|----------|----------------|-----------------------|
| Kapaligirang Pansilid-aralan | 4.24 | -.028 | .74 | <i>Accepted</i> |
| <i>Well-being</i> | 4.10 | | 1 | |



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Ang resultang ito ay naaayon sa pag-aaral nina Govorova et al. (2020), na isinagawa sa 35 bansa, na nagsasaad na walang natuklasang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kapaligirang pansilid-aralan at *well-being* ng mag-aaral; mas malalim ang naging impluwensya ng pamumuhay sa tahanan, ugnayan sa kaibigan, at mga aspeto ng sikolohiya. Sumasang-ayon dito sina Hawkins et al. (2023), na nagpatunay na mahina at walang kabuluhan ang epekto ng pisikal at panlipunang kapaligiran ng paaralan sa *well-being*, kung ihahambing sa mga dinamika ng pamilya at mas malawak na salik panlipunan. Ganundin, sina Cooper at Fry (2020) ay hindi nakakita ng makabuluhang koneksyon sa aspetong relasyonal at akademiko.

Mga Pananaw ng mga Kalahok sa Kwantitatibong Resulta ng Antas at Ugnayan sa Pagitan ng Kapaligirang Pansilid-aralan at *Well-being* ng mga Mag-aaral

Nakasaad sa Talahanayan 4 ang pananaw ng mga kalahok hinggil sa antas ng kapaligirang pansilid-aralan at *well-being* ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino. Nakasaad naman sa Talahanayan 5 ang pananaw ng mga kalahok hinggil sa makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Ang mahahalagang temang nalikom mula sa kwalitatibong datos ay ang kumpirmadong napakataas na marka ng antas ng kapaligirang pansilid-aralan at kumpirmadong mataas na marka ng antas ng *well-being* ng mga mag-aaral.

Talahanayan 4. Mga Pananaw ng mga Kalahok sa mga Kwantitatibong Resulta hinggil sa Antas ng Dalawang Baryabol

| Antas | Makabuluhang Ideya | Karaniwang Dahilan |
|------------------------------------|--|--|
| Kapaligirang Pansilid-aralan | Kumpirmadong Napakataas na Antas ng Kapaligirang Pansilid-aralan | <p>Palaging pakikisalamuha sa kapwa mag-aaral patungkol sa klase. Karugtong pa nito ang pantay-pantay na pananaw sa bawat isa.</p> <p>Pagiging ganado sa klase dahil sa tulong at gabay na natanggap mula sa guro.</p> <p>Pagtutulungan ng lahat sa paggawa ng mga activities at pag-iintindi sa paksang tinuro ng guro.</p> <p>Pagkakaroon ng magandang istado sa pakikisalamuha ng mag-aaral tungo sa kanilang guro.</p> <p>Paghihikayat sa kapwa mag-aaral at kaibigan na lumabas sa kanilang <i>comfort zone</i> at makikilahok sa klase.</p> <p>Bukas na komunikasyon ng mag-aaral at guro at mga gawaing hindi nagdudulot ng <i>stress</i> at <i>pressure</i>.</p> <p>Pagtanggap ng gabay at tulong mula sa guro patungkol sa mga gawaing pampaaralan.</p> |
| <i>Well-being</i> ng mga Mag-aaral | Kumpirmadong Mataas na Antas ng <i>Well-being</i> ng mga Mag-aaral | <p>Pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay at matutong makisama sa kapwa at hindi pagtingin sa sarili bilang mas nakakaangat sa iba.</p> <p>Pagkakaroon ng <i>pressure</i> sa mga gawain ngunit nagpapasalamat dahil di mataas ang gastusing pinansyal.</p> |



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Pagkakaroon ng makabuluhang kaalaman sa loob ng isang oras lamang na klase.

Nahihirapan sa paggawa at pagtapos sa napakaraming gawain sapagkat minsan ay nahihiyang makipag-usap sa ibang tao.

Pagkakaroon ng problemang pinansyal para matapos at maggawa ang mga proyektong binigay ng mga guro.

Pagkakaroon ng *mental burnout* at minsanang pagkakasakit dulot ng gawaing pang-akademiko.

Pagbibigay ng sapat na oras sa pagitan ng klase para magpahinga.

Nagbigay ng kumpirmasyon sa napakataas na rating ng kapaligirang pansilid-aralan ang mga mag-aaral ng medyor sa Filipino, na dulot ng ilang mga salik na nagpapalakas sa kanilang pagkatuto at pakikisalamuha. Ayon sa mga mag-aaral, ang patuloy na pakikisalamuha sa kanilang mga kamag-aral sa pagitan ng mga aralin ay nagiging dahilan upang magkaroon sila ng pantay-pantay na pananaw at mas malalim na pag-unawa sa bawat isa.

Kinatigan ito ng pag-aaral nina Huang at Zhou (2021), na kung saan ay natuklasang mataas ang antas ng kapaligirang pansilid-aralan, na nagpapahiwatig ng positibong karanasan ng mga mag-aaral sa interaksyon, suporta ng guro, at aktibong partisipasyon. Pinagtibay ito nina Simoncini at Stott (2020), na nagpakita na ang inklusibong silid-aralan ay mahalaga sa akademikong pagganap at partisipasyong pampaaralan, lalo na sa sekondarya. Samantala, sina Sullivan at Long (2021) ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng sosyal at emosyonal na aspeto sa pagbuo ng produktibong kapaligiran sa pagkatuto. Pinag-ugnay ng lahat ng ito ang kapaligirang pansilid-aralan bilang susi sa akademikong tagumpay at edukasyonal na karanasan ng mag-aaral.

Sa kabilang banda, nagbigay ng kumpirmasyon sa mataas na *rating* sa *well-being* ang mga mag-aaral ng medyor sa Filipino dahil sa ilang mahahalagang aspekto ng kanilang karanasan. Kinabibilangan ito ng kanilang positibong pananaw sa buhay, kung saan natututo silang makisama sa ibang tao. Isinasalamin din nila ang kahalagahan ng makabuluhang kaalaman na natamo sa bawat klase, kahit sa kaunting panahong iginugol dito.

Ayon sa pananaliksik nina Morinaj at Hashcher (2022), mataas ang antas ng *well-being* ng mga mag-aaral kahit may kakulangan sa tulog at mataas na istres, dahil ang kanilang koneksyon sa paaralan ay nagsisilbing proteksiyon sa emosyonal na katatagan at akademikong pag-unlad. Sinusuportahan ito nina Barbayannis et al. (2022), na nagpakita ng direktang epekto ng akademikong presyur sa kalusugang pangkaisipan at nagrekomenda ng mga interbensyong pang-edukasyon. Gayundin, ayon kina Norazlan et al. (2020), nananatiling positibo ang *well-being* ng mga mag-aaral sa kabila ng mga hamong pinansyal.



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Talahanayan 5. Mga Pananaw ng mga Kalahok Batay sa Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Kapaligirang Pansilid-aralan at *Well-being* ng mga Mag-aaral

| Antas | Makabuluhang Ideya | Karaniwang Dahilan |
|--|--|--|
| Makabuluhang Ugnayan ng Kapaligirang Pansilid-aralan at <i>Well-being</i> ng mga Mag-aaral | Kumpirmadong Walang Ugnayan ang Kapaligirang Pansilid-aralan at <i>Well-being</i> ng mga Mag-aaral | <p>Ang <i>well-being</i> ng isang mag-aaral ay hindi nakabatay at hindi nagmula sa kaniyang sarili o sa mga karanasan na nangyayari sa loob ng silid-aralan.</p> <p>Pagkakaroon ng ibat-ibang pananaw ng mga estudyante patungkol sa ibat-ibang aspekto sa buhay.</p> <p>Pagkakahubog ng buong pagkatao ng mag-aaral mula sa bahay at hindi sa loob ng silid-aralan.</p> <p>Pagkakaroon ng ibang problema na hindi patungkol sa klase o sa loob ng silid aralan.</p> <p>Pagkakaroon ng magka-ibang karanasan sa loob ng silid-aralan at sa labas ng silid.</p> <p>Pagkakaroon ng dalawang araw na klase lamang na nagdudulot ng mas maikling pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral.</p> |

Ang mga resulta ng kwantitatibong datos na nagsasaad ng kawalan ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kapaligirang pansilid-aralan at *well-being* ng mga mag-aaral ay malawak na sinang-ayunan ng karamihang mga mag-aaral. Ayon sa kanilang pananaw, may mga salik mula sa kanilang mga karanasan sa labas ng silid-aralan na higit pang nakaaapekto sa kanilang *well-being*. Mas malaki ang impluwensiya kanilang mga karanasan at pananaw sa buhay na nangyayari sa labas ng klase kumpara sa mga pangyayari sa loob ng silid-aralan.

Napatunayan ito sa pagsusuri nina Kidger et al. (2021), na nagsasaad na walang sapat na ebidensya upang suportahan ang direktang ugnayan ng kapaligirang pang-edukasyon sa *well-being* ng mga mag-aaral, na nagpapahiwatig na ang mga personal at panlipunang salik—tulad ng emosyonal na suporta mula sa pamilya at positibong interaksyon sa kaibigan (Buhl & Hielscher, 2020), ay may mas mahalagang papel. Kasabay nito, pinatutunayan din ni Polikoff (2021) na ang matibay na relasyon at bukas na komunikasyon sa tahanan ay nagpapalakas ng pagpapahalaga sa sarili at emosyonal na katatagan ng mga mag-aaral.

Integrasyon ng Kwantitatibo at Kwalitatibong Datos

Ang pinakamahalagang punto sa mga resulta ng *mixed methods* ay ang kalikasan ng integrasyon, na makikita sa Talahanayan 6. Sa konteksto ng *sequential explanatory* na dulong, ang pamamaraan ng integrasyon ng datos ay nauuri sa dalawa: confirmation at disconfirmation. Ang kumpirmasyon ay tumutukoy sa pagpapatibay ng kwantitatibong datos gamit ang resulta ng kwalitatibong datos, habang ang *disconfirmation* ay tumutukoy sa salungatan ng mga resulta.



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Talahanayan 6. Pinagsamang Pagpapakita ng mga Kwantitatibo at Kwalitatibong Resulta

| Pokus na Aspekto | Kwantitatibong Resulta | Kwalitatibong Resulta | Katangian ng Integrasyon | Aksyolohikal na Implikasyon |
|--|---|---|---------------------------------|---|
| Antas ng Kapaligirang Pansilid-aralan | Sa Talahanayan 1, napakataas na deskriptibong antas ng Kapaligirang Pansilid-aralan na may pangkalahatang <i>mean</i> na 4.24. Ito ay nangangahulugan na ang kapaligirang pansilid-aralan ng mga mag-aaral ay palaging naipapakita. | Sa Talahanayan 4, kumpirmado ng mga tagatugon at kalahok ang napakataas na antas ng kapaligirang pansilid-aralan sa kwantitatibong resulta. Batay sa mga panayam at FGD, napag-alaman na ang karaniwang dahilan ng pagkumpirma nito ay ang kanilang maayos na pakikisalamuha sa kanilang kklase at mga guro. | <i>Connecting-Confirmation</i> | Ang napakataas na antas ng Kapaligirang Pansilid-aralan ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ng medyor sa Filipino ay palaging nakararanas ng mabuting kalagayan sa loob ng silid-aralan sa sa mga aspektong interaksyon sa guro at kapwa mag-aaral, pakikibahagi sa mga gawain, kalayaang matuto sa pamamagitan ng pagsasaliksik at motibasyon sa paggawa ng mga gawaing pang-akademiko. |
| Antas <i>Well-being</i> ng mga Mag-aaral | Sa Talahanayan 2, mataas na deskriptibong antas ng <i>well-being</i> ng mga mag-aaral na may pangkalahatang <i>mean</i> na 4.10. Ito ay nangangahulugan na ang <i>well-being</i> ng mga mag-aaral ay nadalas na naipapakita | Sa Talahanayan 4, kumpirmado ng mga tagatugon at kalahok ang mataas na antas ng <i>well-being</i> ng mga mag-aaral sa kwantitatibong resulta. Batay sa mga panayam at FGD, napag-alaman na ang karaniwang dahilan ng pagkumpirma nito ay ang pagkakaroon ng ibat-ibang pananaw ng mga mag-aaral at pagkakaroon ng magkaibang problemang hinaharap | <i>Connecting-Confirmation</i> | Ang mataas na antas ng <i>Well-being</i> ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay mayroong positibong antas ng pangkabuoang kalagayan, lalo na sa mga aspektong satsipaksyon sa akademikong sebrisyong paaralan, pinansiyal, pisikal, sikolohikal at relasyon ng mga mag-aaral sa kanilang kapwa. Isinasaad din nito na kahit may kinakaharap na mga suliranin kagaya sa aspektong pinansiyal at sikolohikal, madalas pa ring naipapanatili ng mga mag-aaral |



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Makabuluhang Ugnayan ng Kapaligirang Pansilid-aralan at *Well-being* ng mga Mag-aaral

Sa Talahanayan 3, makikitang walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Kapaligirang Pansilid-aralan at *Well-being* ng mga Mag-aaral ($p=.741$; $r\text{-value}=-.028$)

Pinagtibay ng mga tagatugon at kalahok ang walang ugnayang resulta ng kapaligirang pansilid-aralan at *well-being* ng mga mag-aaral mula sa kanilang mga pahayag sa Talahanayan 5.

Connecting-Confirmation

ang positibong antas ng *well-being*.

Ang walang makabuluhang ugnayan na resulta ay nagpapahiwatig na ang antas ng *well-being* ng mga mag-aaral ay hindi naaapektuhan ng kanilang kapaligirang pansilid-aralan. Bukod pa rito, isinaad din na may mga higit pang mahahalagang salik na nakaiimpluwensya rito, kagaya ng pagkakaroon ng mga mag-aaral ng iba't ibang pananaw, pagkahubog ng pagkatao sa tahanan, suliranin sa labas ng paaralan, at maikling panahong iginugugol sa loob ng silid-aralan.

Nauugnay ang resulta sa pag-aaral ni Nwokedi (2023), na nagsasaad na positibo ang karanasan ng mga mag-aaral sa silid-aralan batay sa parehong kwantitatibo at kwalitatibong datos. Kaugnay nito, natuklasan nina McCalman et al. (2020) sa pamamagitan ng sarbey at panayam na nananatiling mataas ang antas ng *well-being* ng mga mag-aaral kahit may mga hamon sa mental na aspekto. Dagdag pa rito, ayon sa pananaliksik nina Abdel Aziz et al. (2024), lumitaw ang *connecting-confirmation* na ugnayan ng positibong klima sa silid-aralan at *well-being* ng mga mag-aaral, kung saan pinagtibay ng kwalitatibong datos ang kwantitatibong resulta sa pamamagitan ng konkretong paliwanag sa mga salik ng suportado at ligtas na kapaligiran.

KONGKLUSYON

Ayon sa mga natuklasan mula sa resulta ng pag-aaral, maihihinuha ang mga sumusunod:

Una, ang mga mag-aaral ng medyor sa Filipino ay patuloy na nakararanas ng positibong kapaligirang pansilid-aralan, na binubuo ng aktibong pakikisalamuha, suporta mula sa mga guro, at ang oportunidad na magtulungan at makibahagi. Ang pagkakaroon ng oryentasyon sa gawain at pagkakapantay-pantay sa klase ay nagpapalakas ng kanilang motibasyon at pagpapahalaga sa edukasyon. Ang mga aspektong ito ay nag-aambag sa isang positibong karanasan sa pagkatuto at nakakatulong upang mapalakas ang kanilang kagustuhang matuto at magsikap sa kanilang mga gawain.



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Pangalawa, ang mga mag-aaral ng medyor sa Filipino ay madalas na nakararanas ng positibong well-being, na may kasamang aspektong pang-akademiko, pisikal, relasyonal, at iba pa. Gayunpaman, may mga aspekto ng well-being, tulad ng pinansyal at sikolohikal, na may mababang rating dahil sa mga hamon sa mga larangang ito. Ang mga mag-aaral ay nakararanas ng mga suliraning pinansyal at sikolohikal na negatibong nakaapekto sa kanilang well-being. Ipinapakita nito na bagamat positibo ang kanilang pangkalahatang kalagayan, may mga aspekto pa rin na nangangailangan ng higit na pansin at suporta upang mapabuti ang kabuoang well-being.

Panghuli, natuklasang walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kapaligirang pansilid-aralan at well-being ng mga mag-aaral. Ito ay dahil sa mga pagkakaiba-iba sa kanilang pananaw sa buhay, mga pansariling karanasan, at ang kaiklian ng oras na ginugol sa klase. Ang mga indibidwal na karanasan at saloobin ng bawat mag-aaral ay may malaking epekto sa kanilang kalagayan, kaya ang mga aspekto tulad ng pamilya, personal na pananaw sa buhay, at mga isyung panlipunan ay nagiging mas matimbang kumpara sa mga aspekto ng kapaligirang pansilid-aralan. Ipinapakita nito na ang kabuoang well-being ng mag-aaral ay hindi lamang nakasalalay sa karanasan sa paaralan, kundi pati na rin sa kanilang buhay sa labas ng paaralan.

MGA SANGGUNIAN

- Abdel Aziz, R., Mulyadi, M., Hadi, M. S., Wahyuni, E. N., & Rubaidi, R. (2024). Students' well-being development in the classroom: a mixed-method study. *International Journal of Evaluation and Research in Education*. <https://doi.org/10.11591/ijere.v13i3.27145>
- Alateeq, D., Aljhani, S., & Aleesa, D. (2020). Perceived stress among students in virtual classrooms during the COVID-19 outbreak in KSA. *Journal of Taibah University Medical Sciences*, 15. <https://doi.org/10.1016/j.jtumed.2020.07.004>
- Barbayannis, G., Bandari, M., Zheng, X., Baquerizo, H., Pecor, K. W., & Ming, X. (2022). Academic Stress and Mental Well-Being in College Students: Correlations, Affected Groups, and COVID-19. *Frontiers in Psychology*, 13:886344. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.886344>
- Brink, H. W., Loomans, M. G. L. C., Mobach, M. P., & Kort, H. S. M. (2021). Classrooms' indoor environmental conditions affecting the academic achievement of students and teachers in higher education: A systematic literature review. *Indoor Air*, 31(2), 405–425. <https://doi.org/10.1111/ina.12745>
- Buhl, H. M., & Hielscher, A. (2020). The role of family and peer relationships in students' well-being: A longitudinal study. *Journal of Youth and Adolescence*, 49(4), 688–700. <https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC8513553/>
- Bustamante-Mora, A., Diéguez-Rebolledo, M., Zegarra, M., Escobar, F., & Epuyao, G. (2025). Environmental Conditions and Their Impact on Student Concentration and Learning in University Environments: A Case Study of Education for Sustainability. *Sustainability*, 17(3), 1071. <https://doi.org/10.3390/su17031071>
- Cadornigara, M., & Mahanlud, L. (2023). Perceived stress, identified stress factors, and coping mechanisms. *International Journal of Research Studies in Education*, 12(4). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.2003>



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

- Cooper, L. A., & Fry, K. F. (2020). The Relationship between Classroom Environment and Student Course Attrition and Perceptions of Engagement. *International Journal of Educational Research*, 9(2), 93–102. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1273638.pdf>
- Creswell, J. W. (2012). *Educational Research: Planning, Conducting, and Evaluating Quantitative and Qualitative Research*. Pearson. https://eclass.uoa.gr/modules/document/file.php/John%20W.%20Creswell%20-%20Educational%20Research_%20Planning%2C%20Conducting%2C%20and%20Evaluating%20Quantitative%20and%20Qualitative%20Research%2C%204th%20Edition%20%282011%2C%20Addison%20Wesley%29.pdf
- Creswell, J. W., & Plano-Clark, V. L. (2007). *Designing and Conducting Mixed Methods Research*. SAGE Publications. <https://bayanbox.ir/view/236051966444369258/9781483344379-Designing-and-Conducting-Mixed-Methods-Research-3e.pdf>
- Creswell, J. W. (2013). *Research Design: Qualitative, Quantitative, and Mixed Methods Approaches* (4th ed.). SAGE Publications. https://www.academia.edu/57201640/Creswell_J_W_2014_Research_Design_Qualitative_Quantitative_and_Mixed_Methods_Approaches_4th_ed_Thousand_Oaks_CA_Sage
- Fraser, B. J., McRobbie, C. J., & Fisher, D. L. (1996, April). Development, validation and use of personal and class forms of a new classroom environment instrument. *AERA*. <https://www.waier.org.au/archives/forums/1996/fraser.html>
- Govorova, E., Benítez, I., & Muñoz, J. (2020). How Schools Affect Student Well-Being: A Cross-Cultural Approach in 35 OECD Countries. *Frontiers in Psychology*, 11:431. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2020.00431>
- Hawkins, G. T., Chung, C. S., Hertz, M. F., & Antolin, N. (2023). The school environment and physical and social-emotional well-being. *Journal of School Health*, 93, 799–812. <https://doi.org/10.1111/josh.13375>
- Hrabok, M., Delorme, A., & Agyapong, V. (2020). Threats to Mental Health and Well-Being Associated with Climate Change. *Journal of Anxiety Disorders*, 76, 102295. <https://doi.org/10.1016/j.janxdis.2020.102295>
- Huang, L., & Zhou, X. (2021). *Stress and coping mechanisms in university students: A meta-analysis*. *Psychology in Education*, 58(2), 142–159. <https://doi.org/10.1080/pe.2021.1125431>
- Jarden, A., & Roache, A. (2023). What Is Wellbeing? *International Journal of Environmental Research and Public Health*, 20, 5006. <https://doi.org/10.3390/ijerph20065006>
- Kidger, J., Araya, R., Donovan, J., & Gunnell, D. (2021). The effect of the school environment on the emotional health of adolescents: a systematic review. *Pediatrics*, 129(5), 925–949. <https://pubmed.ncbi.nlm.nih.gov/22473374/>
- Majumder, P., & Beri, N. (2024). Systematic review of classroom climate and its influence on English language achievement. *Multidisciplinary Reviews*, 8(5), 2025134. <https://doi.org/10.31893/multirev.2025134>



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

- Marrone, R., Lam, B., Barthakur, A., Brinkman, S., Dawson, S., & Gabriel, F. (2024). The Relationship between Well-being and Academic Achievement. *Journal of Learning Analytics*. <https://doi.org/10.18608/jla.2024.8357>
- McCalman, J., Langham, E., Benveniste, T., Wenitong, M., Rutherford, K., Britton, A., Stewart, R. M., & Bainbridge, R. (2020). Integrating Healthcare Services for Indigenous Australian Students. *International Journal of Integrated Care*, 20(1), 8. <https://doi.org/10.5334/IJIC.4669>
- Morinaj, J., & Hascher, T. (2022). On the relationship between student well-being and academic achievement. *Journal for Psychology*, 230(3), 185–195. https://www.researchgate.net/publication/389670268_Feeling_well_and_doing_well_The_mediating_role_of_school_engagement_in_the_relationship_between_student_well-being_and_academic_achievement
- Norazlan, N., Yusuf, S., & Mohamed Hamoud Al-Majdhoub, F. (2020). The financial problems and academic performance among public university students in Malaysia. *Asian Journal of Professional & Business Studies*, 1(2). <https://journal.uptm.edu.my/index.php/ajpbs/article/view/52>
- Nwokedi, B. F. C. (2023). *Influence of Classroom Environment on the Academic Performance*. <https://doi.org/10.59890/ijasse.v1i4.732>
- Pascoe, M., Hetrick, S., & Parker, A. (2019). The impact of stress on students in secondary school and higher education. *International Journal of Adolescence and Youth*, 25, 1–9. <https://doi.org/10.1080/02673843.2019.1596823>
- Polikoff, M. (2021). Family and peer influences on adolescent well-being: A cross-cultural examination. *Child Development*, 92(5), 1467–1480. <https://doi.org/10.1037/0012-1649.34.4.770>
- Potgieter, D. J. (2024). Enhancing Academic Success: An Exploration of Study Skills and Student Well-being. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*, VIII(IIS), 837–848. <https://doi.org/10.47772/ijriss.2024.803057s>
- Puiu, S., Udristioiu, M. T., Petrisor, I., Yılmaz, S. E., Pfefferova, M. S., Raykova, Z., Yildizhan, H., & Marekova, E. (2024). Students' Well-Being and Academic Engagement. *Healthcare*, 12. <https://doi.org/10.3390/healthcare12151492>
- Ramberg, J., Låftman, S. B., Almquist, Y. B., & Modin, B. (2019). School effectiveness and students' perceptions of teacher caring. *Improving Schools*, 22(1), 55–71. <https://doi.org/10.1080/02188798408548552>
- Shiva, A., et al. (2024, March). Student well-being in higher education: Scale development and validation. <https://doi.org/10.1016/j.ijme.2024.100933>
- Simoncini, K., & Stott, D. (2020). Classroom environment and its impact on academic achievement. *Learning and Individual Differences*, 80, 101838. <https://doi.org/10.1016/j.lindif.2020.101838>
- Sullivan, A. L., & Long, J. D. (2021). The effects of classroom environment on students' learning outcomes. *Journal of Educational Psychology*, 113(5), 862–875. <https://doi.org/10.1080/02188798408548552>



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.